Diploma Programme
Programme du diplôme
Programa del Diploma

# Filipino A: literature – Standard level – Paper 1
# Filipino A : littérature – Niveau moyen – Épreuve 1
# Filipino A: literatura – Nivel medio – Prueba 1

Wednesday 10 May 2017 (afternoon)
Mercredi 10 mai 2017 (après-midi)
Miércoles 10 de mayo de 2017 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

**Instructions to candidates**

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a guided literary analysis on one passage only. In your answer you must address both of the guiding questions provided.
- The maximum mark for this examination paper is **[20 marks]**.

**Instructions destinées aux candidats**

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez une analyse littéraire dirigée d'un seul des passages. Les deux questions d'orientation fournies doivent être traitées dans votre réponse.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[20 points]**.

**Instrucciones para los alumnos**

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un análisis literario guiado sobre un solo pasaje. Debe abordar las dos preguntas de orientación en su respuesta.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[20 puntos]**.



2217 – 0075
© International Baccalaureate Organization 2017

International Baccalaureate
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

Magsulat ng isang ginabayang pagsusuring pampanitikan sa **isang** sipi lamang. Sa iyong sagot, kailangang tugunan mo ang nakalaang dalawang gabay na tanong.

**1.**

Hay, sapin-sapin ang *stress* ng pagbi-byahe. Kung maaari lamang ang *stopover* kada tatlong oras. Pero di ba't mas nakakapagod at nakakanerbyos ang ganun? Panibagong takot sa unti-unting pagbaba ng eroplano mula sa napakataas na *altitude*. At kung nataon pa sa masamang panahon ay pabigla-bigla ang baba ng eroplano na parang bubulusok na nang tuluyan. At kinabukasan ay kasama na siya sa *headline*... kaya sige na nga, titiisin na lamang ang mahabang byahe na may panaka-nakang *turbulence*.

Pumila si Jessie nang itinaas ang *card* para mag*board* na ang mga pasahero. "Eto na, eto na, matapang ako, kaya ko ito..." gumagapang ang text na ito sa ulo ni Jessie.

Dumampot ng dyaryo sa may pintuan ng eroplano si Jessie at sinalubong siya ng matamis at kaaya-ayang *corporate* ngiti ng *crew* ng Thai Airways. Sinulyapan ang kaniyang *boarding pass* at sinenyas ng kamay ang dako ng numero ng upuan niya. Nahanap niya agad ang *seat number* at natuwa sa kumportableng upuang laan sa kanya. Matapos ilagak ang bag at *camera* sa paanan ng upuan sa harap niya ay pumuwesto na siya, ikinabit ang *seatbelt*, at tinunghayan ang *front page* ng PDI*. Matagal-tagal din niyang hindi mahahawakan ang dyaryong ito. Salamat sa internet hindi siya tuluyang mahihiwalay sa iniwang bayan.

Maya-maya ay dumating ang makakatabi niya. Hindi ito nakangiti, ni hindi man lang siya tiningnan, na parang sumakay lang ng eroplano dahil kailangan niyang matulog. At gayun nga ang ginawa nito paglapat ng likod sa sandalan niya. Ni hindi lumingon at tumingin sa mga katabi. Para kay Jessie, okey na rin yun para hindi na siya um-*effort* makipaghuntahan.

Ilang sandali pa ay "*prepare for take-off*" na ang narinig niya. Kung may CCTV lang ang eroplano ay tiyak na pagtatawanan ang itsura ni Jessie at pwede siyang gawing paksa ng "*The Fear of Flying*". Kung kasama niya ang kaniyang mga anak ay tiyak na pinagtripan na naman ang kaniyang *pre-take-off anxiety*, na kung may mukha ng bibitayin ay sa kanya na yun. Siya ang larawan ng isang takas, na balot ng sindak at takot.

Umugong ang makina, marahang umandar papalayo, kumuha ng bwelo at ilang sandali pa ay umarangkada na sa *runway*, mabilis na tumaas na tila hinihila lahat ng lakas ng makina upang salubungin ang hangin, ang ulap, ang kawalan, ang walang katiyakang panahon sa himpapawid, ang tadhana. At si Jessie ay nilalang na walang kalaban-laban sa lahat ng mosyon na ito, mortal siyang ipinabahala na sa teknolohiya at tadhana ang kaniyang buong buhay. At gumapang ang init sa kaniyang katawan, ang mga kaya niyang maalalang katapangan ay sinundo niya upang kung sumabog man siya'y buo ang isip niya sa lahat na kaganapan sa buhay niya. Pataas nang pataas, palayo nang palayo, pagaan nang pagaan ang bitbit niyang bagahe sa puso, sa isip. Wala na siyang kontrol sa anuman ngayon, hamak na pasahero na lamang siya ng mga piloto na sana'y nasa katinuan ang mga pag-iisip o walang *hangover*, at ng eroplanong sana'y walang problemang mekanikal. Sana... sana... matapang siya.

Klingk... kling... klingk... kling... "*Yes, we have apple juice, and yes, orange juice*..."

Naalimpungatan si Jessie. Nasa harap niya ang *flight attendant* na banayad na nagtatanong, nakamarka pa rin ang *corporate smile.*

"*And you, Ma'am*?"

Hindi agad makasagot si Jessie dahil hindi siya makapaniwalang tinulugan niya ang *life-defining* moment ng pagtaas ng eroplano. "Panaginip lang ba yung takot ko kanina?" Natanong niya habang tinatanggal ang *seatbelt*. Naghihintay pa rin si Bb. Thai Airways. "*Yes, water please*" lamang ang nasambit dahil tuyong-tuyo ang lalamunan niya. Sinulyapan ang katabi niya na naghihilik na parang hindi matitinag sakaling may mag-anawns ng *hijack*.

Isang lagok lamang ang tubig sa plastik na baso. Dumungaw si Jessie sa bintana at napangiti siya. Payapa ang lipad, na parang di gumagalaw ang eroplano habang dinadaanan naman ang mga ulap na parang balahibo. Ito ang pinangarap niyang paglalakbay. Maaliwalas ang panahon at parang may naghudyat sa kanya na ito na nga ang sandaling hinihintay niya, na makakapagpalipad-isip siya, na mailalagay na niya sa tamang perspektiba ang lahat ng mga naganap sa nakaraang halos tatlong dekada.

Kaya't ngayon, habang pilit inaabot ng kaniyang paningin ang kadulu-duluhan ng langit, nakangiti siya na parang bihasang manlalakbay. Maaliwalas ang himpapawid, malayo ang mga balumbon ng ulap na nagniningning sa tama ng araw. Naisip ni Jessie na ganito kalawak ang dagat, walang hangganan ang bughaw na kalangitan. Hindi na niya matanaw ang lupa, o ang dagat kung sila ma'y tumatawid na sa South China Sea. Inabot niya ang *camera* at kinunan ang mga ulap na nagbabagong-anyo sa malayo.

Luchie Maranan, *Si Jessie at ang Turbulence* (2014)

---

* PDI: Philippine Daily Inquirer

(a) Talakayin kung paano ginamit ang sitwasyon sa sipi na ito para sa pagsiyasat ng mga pangunahing alalahanin dito.

(b) Magkomento sa paraan ng paggamit ng wika at mga kasangkapang pampanitikan para sa pagpapaunlad at paglalahad ng tauhan at sitwasyon sa sipi na ito.

**2.**

**Babae Kami**

Babae kami
Hindi pagkaing
Sa mesa ihahain
Babalatan, hihimayin
Pampuno ng tiyan
O bagay lang sa basurahan

Babae kami
Hindi manikang
Lalaruin, huhubaran
Bibihisan, ikukulong
Sa kuna o ididispley
Sa eskaparate.

Babae kami
Hindi lupang
Dudungkalan ng tanso
Hiyas at ginto
Tatamnan at iiwanan
Pagkatapos ng ani
Hahayaang magputik
Aapak-apakan o gagawing
Kandungan ng mga kalansay.

Babae kami
Tao rin naman
Hindi robot o basahan
Hindi kaserola o kubeta
Hindi panaginip na walang isip
O imahen na hahabulin
Sa lumilipad na ulap

Babae kami
Nagluluwal ng sanggol
Na tagapagmana ng mundo
Marunong kaming umaninag
Ng hugis ng araw at gabi
Marunong maghimay
Ng kulay ng bahaghari
Marunong sumalo
Sa kaluluwang babagsak
Marunong magmahal
Sa pusong maalalahanin
Marunong lumaban
At magwasto ng baligtad
Habang naghahardin
Sa ikagaganda ng daigdig.

Marra PL Lanot, *Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas* (1997)

(a) Magkomento sa boses ng tula at kung ano ang sinasabi nito tungkol sa kalagayan ng kababaihan.

(b) Sa anong mga paraan inilalahad ng makata ang iba’t ibang mga elemento ng mga karanasan ng kababaihan?